

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Tao ng Milenyo

Daniel 2:1-49

Ang Kasaysayan...

Ang malawak na kaharian ng Babilonya ay masagana at maunlad, gayunman si Nabukodonosor na hari ay alumpihit sa kanyang maharlikang higaan. Iniisip niya kung hanggang kailan tatagal ang kanyang ginintuang panahon, at ano ang mangyayari sa kanyang makapangyanihang imperyo kung siya ay wala na? Taglay sa kanyang isip ang mga ganitong nakababagabag na katanungan, ang makapangyanihang hari ay nakatulog. Nang gabing yaon, isang maliwanag na larawan ng napakataas na tao na yari sa ibat-ibang metal ang tumambad sa kanyang isip na may tanawin ng kulay na walang katulad sa anumang bagay na kanya nang nananasan. Biglang lumundag mula sa kanyang higaan ang hari at sumigaw sa kanyang mga bantay.

“Tawagin ang mga mahiko at mga astrologo na pumanito agad. Kailangan kong malaman ang kahulugan ng panaginip na ito!”

Ang mga pantas na lalaki ay ginising at dinala sa harap ng naguguluhang hari. “At sinabi ng hari sa kanila, ako’y nanaginip ng isang panaginip, at ang aking espinitu ay nabagabag upang malaman ang panaginip.” Daniel 2:3. Isa sa mga huwad na propeta ay tila may pagmamalaking tumugon, “Saysayin mo sa iyong mga lingkod ang panaginip, at aming ipaliliwanag ang kahulugan.” Ngunit tulad nang madalas mangyani, ang panaginip ay lumabo na sa isipan ni Nabukodonosor. Nagaalinlangan na ngayon ang hari sa kanilang kakayahan. Ito na ngayon ang pinakamabuting pagkakataon upang sila ay subukin. “Sabihin ninyo sa akin ang panaginip at ang kahulugan, at kayo’y magagantimpalaan,” ang pahayag ng hari, “at kung hindi ninyo magagawa ito ay pagpuputolputulin ko



1

kayo at ang inyong mga tahanan ay gagawing dumihan!”

Ang mga mahiko at mga astrologo ay walang ibang nagawa kundi aminin na wala silang kapangyanihan na ipaliwanag ang panaginip ng hari na hindi muna naririnig ito. Nagpupuyos ang galit sa kanyang mapagkunwaring mga tagapayo, ipinagutos ng hari na ipapatay ang lahat ng mga pantas na lalaki ng Babilonya. Ngunit ang Panginoon ay mayroon pang isang natitira sa Babilonya na makapagpapaliwanag ng panaginip ukol sa napakalaking Tao ng Milenyo.

Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Bakit ibinigay ng Dios ang panaginip na ito sa hari ng Babilonya?

Daniel 2:28 *Ngunit may isang Dios sa langit na naghahayag ng _____, at*

Siyang nagpapaninaw sa haring Nabukodonosor kung ano ang mangyayari sa _____ araw.

PALIWANAG: Sa panaginip na ito ng malaking larawan, ay binalangkas ng Dios para sa lahat ang libong taon sa hinaharap, ang pagbangon at pagbagsak ng mga kaharian na may tuwirang impluwensya sa Kanyang bayan.

2. Nang mabigo ang mga tagapayo ng hari na ipahayag at ibigay ang kahulugan ng panaginip, ano ang inutos ni Nabukodonosor?

Daniel 2:12 *Ang hari ay ... nagutos na _____ ang lahat na pantas na sa Babilonya.*

PALIWANAG: Ang mga astrologo at mga mahiko ng Babilonya ay nagaangking may mahimalang kapangyarihan, ngunit nang hindi naipahayag ang panaginip ng hari, sila ay lumabas na mga mapagpanggap at walang kakayahan. Kung naalaala ng hari ang panaginip, lilikha lamang sila ng huwad na kahulugan nito. Sa kanyang galit, ipinagutos ni Nabukodonosor na ang mga pantas na mga tao ay ipapatay maging yaong hindi kasama sa pagharap sa kanya. Isa sa mga hindi kasama nang unang iharap ang mga ito sa hari ay isang bihag na matakutin sa Dios na ang pangalan ay Daniel, na sinanay sa paglilingkod sa hari.



3. Nang malaman ni Daniel ang tungkol sa utos na kamatayan, ano ang hiniling niya sa hari, at ano ang sinabi niya sa kanyang mga kaibigan?

A. Daniel 2:16 *At si Daniel ay pumasok, at humiling sa hari na takda siya ng _____, at kanyang ipaaaninaw sa hari ang kahulugan.*

B. Daniel 2:17, 18 *Nang magkagayon ay naparoon si Daniel sa kanyang bahay, at _____ ang bagay kay Hananiah, Mishael, at Azariah, na kanyang mga kasama. Upang sila'y magsipagnais ng kaawan ng Dios ng langit tungkol sa _____ ito.*

PALIWANAG: Humingi ng kaunting palugit na panahon si Daniel kay Nabukodonosor at nangako na ipahahayag ang panaginip at ang kahulugan nito. Ipinagkaloob naman ito ng hari. Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay namanhik sa Tanging makapaghahayag ng panaginip ng hari. Nanalangin sila sa Dios ng langit.

4. Nang ipahayag ng Panginoon ang panaginip kay Daniel sino ang kanyang pinuri?

Daniel 2:23, 28 *Pinasasalamatang kita, at pinupuri kita, Oh ikaw na _____ ng aking mga magulang. ... Ngunit may isang _____ sa langit na _____ ng mga lihim.*

PALIWANAG: Ang pagbangon at pagbagsak ng mga kaharian ay tila nagaganap ayon sa kalooban ng tao, ngunit ang panalangin ng papuri ni Daniel ay maliwanag na nagpapakita ng kahalagahan ng banal na pamamagitan. Walang anumang pangyayari na hindi alam ng Dios at wala ng kanyang kapahintulutan. Kung minsan, hindi natin nauunawan ang nangyayari sa ating sanlibutan, ngunit kasiyasiya namang mabatid na ang Dios pa rin ang may kapangyarihan sa lahat. Si Daniel lamang ang makapagsasabi ng panaginip ng hari, gayunman ibinigay niya ang kapurihan sa Isa na nag paaninaw ng panaginip sa kanya—ang Dios ng langit.

5. Anong dalawang bagay ang sinabi ni Daniel na nakita ng hari sa kanyang panaginip?

A. Daniel 2:31 *Ikaw, Oh hari, nakakita, at narito, ang isang*

B. Daniel 2:34 *Iyong tiningnan ... hanggang may natibag na isang _____, hindi ng mga kamay.*

PALIWANAG: Ang unang nakita ng hari ay isang malaking larawan na yari sa mga sumusunod na elementong bakal:

1. Ang ulo ay **ginto**
2. Ang dibdib at mga bisig ay **pilak**.
3. Ang tiyan at mga hita ay **tanso**.
4. Ang mga binti ay **bakal**.
5. Ang mga paa ay **bakal at putik**.

Sumunod, ang hari ay nakakita ng batong natibag. Sa mga sandaling ito, ang haring Nabukodonosor ay natitilihang nakaupo sa kanyang trono. Isinalaysay ni Daniel ang panaginip kung paano ipinakita ito sa kanya ng Dios. Naghihintay ang hari sa sasabihin na kahulugan nito. Patuloy na ipinaliwanag ni Daniel ang kahulugan ng panaginip ayon sa pahayag ng Panginoon, at makabubuti sa atin na tanggapin natin kung papaano Niyang ipinagkakaloob. Ang tanging ligtas na paraan ng pagpapaliwanag ng Biblia ay hayaang ito ang magpaliwanag sa kanyang sarili.



6. Ano ang kinakatawanan ng ulong ginto?

Daniel 2:38 *Ikaw ang _____ na ginto.*

PALIWANAG: Ang hari ang kinikilalang puno ng estado. Kaya si Nabukodonosor ang kumakatawan sa Babilonya, ang kahariang nagpasimula ng propesiya. Ang bagong Babilonya ay naghari sa sanlibutan mula nang 612-539 BC bilang isa sa mga makapangyarihang kaharian ng matandang panahon—isang akmang larawan ng ulong ginto. Pansinin na ang propesiya ay nagpasimula ng panahon ni Daniel.

7. Tatagal ba magpakainlanman ang kaharian ng Babilonya?

Daniel 2:39 *At pagkatapos mo ay babangon ang _____ kaharian na mababa sa iyo.*

PALIWANAG: Ang kapangyarihan ng Babilonya ay hindi tatagal magpakailanman. Ang sumusunod na mga kaharian, na mababa kaysa kanya, ang siyang mamumuno pagkatapos niya. Kung paanong ang pilak ay mababa kaysa ginto, ang sumunod na kaharian ay mababa ang tinamang kaluwalhatian. Pinangunahan ni Cyrus noong 539 B. C., kinubkob ng kahariang Medo-Persiano ang Babilonya hanggang ito ay maging lubusang wasak. Ang Medo-Persia ay siyang kapangyarihan ng sanlibutan noong 539-331 B. C. Sa kanilang paghahari, ang mga buwis ay kailangang bayaran ng pilak.

8. Anong metal ang kumakatawan sa kaharian na sumunod sa Medo-Persia?

Daniel 2:39 *At ang ibang ikatlong kaharian na _____ na magpupuno sa buong lupa.*

PALIWANAG: Ang tansong kaharian ng Gresya ay naluklok sa kapangyarihan nang sinakop ni Alejandrang Dakila ang Medo at Persia sa digmaan sa Arbela noong 331 B.C., at ang Gresya ay nanatili sa kapangyarihan hanggang sa 168 B.C. Ang mga sundalong Gresya ay tinatawag na “Balot sa Tanso” sapagka’t ang kanilang kasuotan ay puro tanso. Pansining kung paanong ang bawat sumunod na metal sa larawan ay mas mababang uri, subali’t higit na matatag sa mga nauna.

9. Anong metal ang kumakatawan sa ikaapat na kaharian?

Daniel 2:40 *At ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang _____.*

PALIWANAG: Ang bakal na kaharian ng Roma ay sinakop ang Gresya noong 168 B.C. at namuno sa sanlibutan hanggang ang Roma ay masakop ng mga Ostrogoths noong A.D. 476. Ang kaharian ng Roma ang pinakamakapangyarihan nang si Kristo ay isilang. Pansinin kung paanong paunang isinaysay ni Daniel ang isang libong taon ng kasaysayan ng sanlibutan nang may katiyakan. Ang pagbangon at pagbagsak nitong apat na kaharian—Babilonya, Medo-Persya, Gresya, at Roma—ay malinaw na sinasaysay ng Biblia at pinatutunayan ng mga aklat ng kasaysayan.

10. Ano ang mangyayari matapos bumagsak ang kaharian ng Roma?

Daniel 2:41, 42 *Ay magiging kahariang _____ ... kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay putik, magkagayon ang kaharian na ang isang bahagi ay matibay, at isang bahagi ay marupok.*



PALIWANAG: Nang ang kaharian ng Roma ay magsimulang humina noong A.D. 476, ito ay hindi nasakop ng ibang pangsanlibutang kapangyarihan. Bagkus, ang mga tribong barbaro ay sinakop ito at pinapaghati-hati—kung paanong hinulaan ni Daniel. Sampu sa mga tribong ito ay siyang bumuo ng bansang Europa. Ito ay ang mga Ostrogoth, Visigoths, Franks, Vandals, Alemanian, Suevo, Anglo-Saxons, Heruls, Lombards at Burgundians. Pito sa mga ito ay nananatili pa hanggang ngayon sa Europa. Ang mga Anglo-Saxons ay naging mga Ingles, ang Franks ay naging mga Frances ang Alemannians ay naging mga Aleman, at ang mga Lombardo ay naging mga Italyano.

11. Ang sampu bang kahariang ito ay magtatagumpay na magkaroon ng pagkakaisa?

Daniel 2:43 *Sila’y magkakahalo ng lahi ng mga tao; nguni’t hindi sila _____ gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik.*

PALIWANAG: Sa pamamagitan ng mga alyansa at pagaasawa, sinikap ng tao na halos pag-isahin ang kontinente ng Europa. Sa buong kasaysayan, ang mga pinunong tulad ni Charlemagne, Napoleon, Kaiser Wilhelm, Mussolini, at Hitler ay nakipaglaban upang magtatag ng bagong kaharian ng Europa; subali’t ang mga salitang ito ng Biblia ay pumigil sa bawat isang nagtangkang maghari sa sanlibutan. Ang Apokalipsis 13 ay nagsasabing mayroon pang ibang magtatangkang magtatag ng isang pangsanlibutang relihiyon subali’t malinaw na sinabi ng propesiya ni Daniel na ang sanlibutan ay mananatiling may pagkakahati-hati sa politika hanggang sa wakas ng kasaysayan ng buong Lupa.



12. Sino ang magtatatag ng huling kaharian?

Daniel 2:44 *At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay magtatatag ang _____ sa _____ ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man.*

PALIWANAG: Ang susunod na dakilang pangkalahatang kaharian ay ang kaharian ng langit, na ipinapahayang ng Mateo 25:31-34.

13. Ang ang gagawin ng bato sa ibang kaharian ng sanlibutan?

Daniel 2:34, 35 *Iyong tinitingnan hanggang sa may natibag na isang bato, hindi ng mga kamay, na _____ sa larawan sa kaniyang mga paang bakal at putik na luto, at mga yao'y _____ ... at ang bato na tumama sa larawan ay naging malaking _____, at pinuno ang buong lupa.*

PALIWANAG: Ang batong natibag, hindi ng mga kamay, ay ang kaharian ng Dios. Ito ay hindi pinagisang mga kapangyarihan sa lupa, kundi isang lubos na kapalit (Apok. 21:1). Ipinapahayag ng mga Kasulatan na sa pagbabalik ng Panginoon sa lupa, ay Kanyang lubos na sasakupin ang lahat ng mga kaharian dito at magtatag ng walang hanggang kaharian (Daniel 2:44). Anong kagilagilalas na balita! Ang Panginoong Jesus ay muling darating. Ang lahat ng kasaysayan ay patungo sa ganitong wakas, na ang Anak ng Dios ay babalik sa kamaharlikaan upang dalhin ang kaharian ng walang hanggang katuwiran. Maaaring naisip ni Haring Nabukodonosor na tinalo niya ang tunay na Dios nang masakop niya ang Jerusalem at samsamin ang lahat ng nasa templo (Daniel 1:1, 2), ngunit madaliang ipinakita sa kanya na ang Dios ang siyang naghahari sa lahat, at sa wakas ay Siya ang magtatagumpay sa labanan. Ang Babilonya, Medo-Persia, Gresya, Roma, at ang 10 bahagi ng Imperyo ng Roma, ay sinikap na angkinin ang banal na kapangyarihan at wasakin ang bayan ng Dios, ngunit ang lahat na kaharian ng lupa ay wawasakin sa wakas ng dumarating na Kristo. Salamat sa Dios at Siya ay magwawagi sa dakilang tunggalian.



14. Matapos marinig ang malinaw na paglalarawan ni Daniel ng panaginip, ano ang sinabi ni Nabucodonosor tungkol sa Panginoon.

Daniel 2:47 *At ang hari ay sumagot kay Daniel, at nagsabi, Sa katotohanan ang iyong Dios ay _____ ng mga _____, at Panginoon ng mga hari, at tagapaghayag ng mga lihim.*

PALIWANAG: Nang makitang ang Dios ang may hawak ng mga pangyayari sa sanlibutan, maging si haring Nabukodonosor ay karakarakang tinanggap na ang Dios na pinaglilingkuran ni Daniel ay siyang makapangyarihan sa lahat ng mga dios-diosan ng Babilonya. Gaano kabilis na nagbago ang larawan! Si Daniel at ang kanyang mga kaibigan, dahil sa kanilang katapatan sa Dios, ay nangataas mula sa kanilang pagkabihag sa Babilonya sa mga kalagayan ng pangangasiwa sa kaharian (Daniel 2:48, 49). Ang Dios ay palaging pinarangalan yaong mga nagpaparangal sa kanya (I Samuel 2:30).

Ang Iyong Tugon

Sa pagkilalang ang Dios ang namamahala ng mga pangyayari sa sanlibutan, pumapayag ka bang Siya rin ang mamahala ng iyong buhay?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ginto = Babilonya

Ang ulong ginto ay kumakatawan sa Babilonya, na naging makapangyarihan sa sanlibutan noong 612-539 B.C.

Pilak = Medo-Persia

Ang dibdib na pilak ay kumakatawan sa Medo-Persia, ang namunong kaharian sa salibutan noong 539-331 B.C.

Tanso = Gresya

Ang hita na tanso ay kumakatawan sa Gresya, na namuno sa sanlibutan nuong 331-168 B.C.

Bakal = Roma

Ang binting bakal ay kumakatawan sa Roma, na nagalak sa pamumuno sa sanlibutan noong 168 B.C. - A.D. 476.

Bakal at Putik = Kahariang Hati

Ang paa na isang bahagi ay bakal at ang isang bahagi ay putik ay kumakatawan sa kaharian na hindi magkakaisa kailanman. Walang isang kapangyarihan ang namuno sa sanlibutan mula nuong A.D. 476, at ito'y mananatiling hati hanggang sa pagbabalik ni Kristo.

Bato = Ang walang hanggang Kaharian ni Kristo, ang Kanyang salita, ang Kanyang Kautusan.

